CALIFORNIA DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

# KILALANIN ANG DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS NG CALIFORNIA

# 5 BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS (DCA) NG CALIFORNIA:

1 **Kilalanin ang DCA!** Ang DCA ay binubuo ng 36 na lupon at kawanihan na nag-iisyu ng 3.4 milyong lisensya na may 280 uri ng lisensya—at ang lahat ay upang protektahan ang 40 milyon konsumidor sa California.

2 **Hanapin ang lisensya!** Ang lisensya ay nangangahulugan na ang tao o kumpanya na pinagtatrabahuhan mo ay nakatugon sa mga pamantayan ng estado upang magpraktis sa kanilang propesyon. Bago magsagawa ng negosyo, laging beripikahin ang lisensya sa website ng DCA: **https://search.dca.ca.gov**.

3 **Ang kaalaman ay kapangyarihan!** Ang website ng bawat lupon at kawanihan ay nagtatampok ng mga mapagkukunan ng konsumidor na available sa iyo 24/7.

4 **Hinihikayat ang pakikilahok!** Nagsasagawa ang mga lupon at kawanihan ng DCA ng regular na mga pampublikong pagpupulong kung saan maaari kang matuto ng higit pa tungkol sa panregulasyong proseso at marinig ang boses mo. Maaari ka ring makatulong na maging bahagi ng mga pagsisikap sa proteksyon ng konsumidor ng California sa pamamagitan ng paglilingkod bilang miyembro ng lupon o komite ng pagpapayo (advisory committee).

5 **Kumonekta sa DCA!** I-follow ang DCA at mga lupon at kawanihan nito sa social media, at tawagan ang Consumer Information Center para sa tulong sa higit 200 wika, kung kinakailangan.

# 1 KILALANIN ANG DCA

Binubuo ang DCA ng 36 na lupon at kawanihan na nag-iisyu ng 3.4 milyong lisensya sa 280 iba't ibang uri ng lisensya. Ang misyon ng DCA ay magbigay-alam, magbigay-lakas, at magprotekta ng mga konsumidor ng California tulad mo— at mayroon kaming ilang mapagkukunan na magagamit mo upang protektahan ang iyong kalusugan, pera, at kapayapaan ng isip.

Bisitahin ang **www.dca.ca.gov** upang tingnan ang mga website ng lupon at kawanihan, at tiyaking ibahagi ang kanilang mahahalagang mapagkukunan sa iyong mga kaibigan at pamilya.



WWW.DCA.CA.GOV

# 2 HANAPIN ANG LISENSYA

Huwag ilagay ang iyong sarili, iyong pamilya, at iyong pera sa panganib. Ang pinakamahusay na paraan para protektahan ang iyong sarili ay beripikahin ang lisensya ng tao o negosyo bago humingi ng mga serbisyo.

Ang lisensya ay nangangahulugan na ang tao o negosyo na pinagtatrabahuhan mo ay nakatugon sa mga kinakailangang pamantayan ng estado upang magpraktis sa loob ng kanilang propesyon. Ang mga nagkakaloob ng mga serbisyo nang walang lisensya na kinakailangan ng estado ay hindi lang nagpapraktis nang labag sa batas, ngunit nilalagay din ang mga konsumidor sa panganib.

Bisitahin ang **https://search.dca.ca.gov** upang suriin ang lisensya, o tumawag nang libre sa (800) 952-5210 para sa tulong sa ibang wika. Tiyakin na ang lisensya ay nasa maayos na katayuan at maghanap ng anumang pormal na aksyong pandisiplina o iba pang mga dokumento na nauugnay sa lisensya.

Kung mayroon kang mga alalahanin sa hindi lisensyadong aktibidad o isang nilisensyahan sa ilalim ng hurisdiksyon ng DCA, direktang makipag-ugnay sa lupon o kawanihan, o tumawag sa Consumer Information Center ng DCA sa (800) 952-5210.



# 3 ANG KAALAMAN AY KAPANGYARIHAN

Ang website ng bawat lupon at kawanihan ay may tab na "Mga Konsumidor" na naglalaman ng mahahalaga at laging available na mga mapagkukunan ng konsumidor at mga publikasyon.

Ang DCA ay mayroon ding online na polyeto ng mga mapagkukunan ng konsumidor na available sa **Ingles**, **Espanyol**, **Vietnamese**, **Tagalog**, **Koreano**, **Simplified Chinese**, at **Traditional Chinese**na nagbibigay ng pangkalahatang pananaw ng mga mahahalagang mapagkukunan ng DCA at mga paraan na maging may alam at may kapangyarihang konsumidor. Ibahagi ang mga mapagkukunang ito sa iyong mga kaibigan, pamilya, at komunidad!




WWW.DCA.CA.GOV

# 4 HINIHIKAYAT ANG PAKIKILAHOK!

Malugod na tinatanggap ang mga konsumidor sa mga pampublikong pagpupulong ng lupon at kawanihan. Bisitahin ang **Kalendaryo ng mga Pampublikong Pagpupulong ng Lupon at Kawanihan (Board and Bureau Public Meetings Calendar)** sa website ng DCA upang ma-access ang higit na detalyadong impormasyon tungkol sa pagpupulong, pati na rin mga petsa ng pagpupulong noong nakaraan at sa hinaharap na partikular sa bawat lupon at kawanihan. Ang mga pagpupulong ay kadalasang bino-broadcast online, kaya tingnan ang **Live Webcast** page ng DCA para sa livestream na impormasyon, at panoorin ang mga recording ng nakaraang pagpupulong sa **YouTube** page ng DCA.

Maaari ka ring gumanap ng aktibong papel sa proteksyon ng konsumidor sa pamamagitan ng pag-apply na maging miyembro ng lupon o komite ng pagpapayo (advisory committee). Alamin ang higit pa sa page na **Mga Mapagkukunan ng Miyembro ng Lupon (Board Member Resources)** o direktang makipag-ugnay sa lupon o kawanihan para sa tulong.



# 5 KUMONEKTA SA DCA

Kumonekta sa DCA sa lahat ng pangunahing social media site, kabilang ang Facebook, Twitter, Instagram, LinkedIn, at YouTube—ang lahat sa @CaliforniaDCA.

Maaari ka rin makipag-ugnay sa mga lupon at kawanihan ng DCA sa social media. Ang mga social media site ng lupon at kawanihan ay naka-link sa homepage ng lupon o kawanihan—hanapin ang mga social media icon.

Bilang karagdagan, ang pagpapayo sa konsumidor ay isang tawag lang—tumawag nang libre sa Consumer Information Center ng DCA para sa tulong sa (800) 952-5210. Ang mga kawani ay available Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., at makakatulong na magbigay ng tulong sa higit 200 wika.



California Department of Consumer Affairs
1625 North Market Blvd., Sacramento, CA 95834
**www.dca.ca.gov** | (800) 952-5210

PDE_23-455